

Kamusta mga tauhan, Estudyante, Magulang at Komunidad ng Surrey School District:

Dumating na ang tag-araw at malapit nang matapos ang pasukan para sa taong 2023/2024. Oras na para magpahinga at gumugol ng kalidad na oras para sa iyong sarili, iyong pamilya at iyong mga kaibigan. Ito rin ay panahon ng pagninilay at pagkakataon upang pahalagahan ang personal na pag-unlad na nakamit natin, ng ating mga mag-aaral at ng ating mga anak dahil sa mga nagawa at hamon ng nakaraang taon.

Sa pagbabalik-tanaw, naging mahirap ang pasukan para sa taong 2023/2024 habang kinakaharap natin ang paglaki ng enrollment, kawalan ng katiyakan sa pananalapi at kakulangan ng mga guro. Sa kabila ng mga sitwasyong ito, ang ating komunidad ng Surrey Schools ay tumugon nang may habag at pangangalaga, at patuloy na tinitiyak ng mga kawani na ang pag-aaral ng estudyante ay nanatili sa gitna ng lahat ng kanilang gawain. Sa mga paaralan at silid-aralan, sa iba't ibang proyekto at departamento, nasaksihan ko ang dedikasyon, hilig at pangako ng mga kawani sa aming mga mag-aaral sa maraming pagkakataon. Ako ay masuwerte na magkaroon ng maraming pagkakataon upang obserbahan ang mga makabago at malikhaing (mga) kasanayan sa buong distrito ng paaralan.

Sa buong taon, mayroong maraming mga pagkakataon ng kamangha-manghang gawain na nangyayari upang suportahan ang mga estudyante sa kanilang paglalakbay sa edukasyon, ngunit gusto kong i-highlight ang dalawang partikular na lugar.

Ang mga Paaralan ng Surrey ay nagsimula ng iba't ibang mga hakbangin upang mapataas ang pagkakapantay-pantay ng lahi sa buong distrito. Nakatanggap kami ng bagong pangalan, Xw' epiteng (binibigkas na woh-pee-ten, ibig sabihin ay "lugar ng maraming kuneho"), mula sa Semiahmoo First Nation para sa paaralang dating kilala bilang Hall's Prairie. Ang Xw' epiteng Elementary ay magho-host ng ating bagong programa ng pag-aaral na nakabatay sa lupain at opisyal na magbubukas sa tag-lagas para sa 2024-25 na pasukan. Nagpatupad kami ng pagsasanay sa buong distrito para sa lahat ng kawani ng pamamahala at naghatid ng mga presentasyon para sa mga kawani na nakabase sa paaralan upang mapabuti ang kanilang kaalaman sa pagkakapare-pareho, pagkakaiba-iba, pagsasama at hustisya. Sinuportahan din namin ang mga estudyante sa mga silid-aralan at mga kapaligiran sa pag-aaral sa pamamagitan ng mga mapagkukunang tumutugon sa kultura at lumikha ng isang bagong pagkakapare-pareho, pagkakaiba-iba, at pagiging bahagi na kalendaryo. Inaasahan namin ang pagpapatuloy at pagpapalawak ng gawaing ito sa 2024/25.

Nagsimula ang Surrey Schools sa isang pakikinig na paglilibot, na lumikha ng higit pang mga pagkakataon para marinig ang mga boses ng estudyante sa buong distrito. Ngayong taon, 25

Surrey School District 14033 92 Avenue, Surrey, BC V3V 0B7

Tel: 604-596-7333 | www.SurreySchools.ca

We respectfully acknowledge that Surrey Schools resides on the traditional, unceded, and shared territories of Coast Salish peoples: The q̓ícəy̓—Katzie, the q'w̓a:ḥ̓'əḥ̓—Kwantlen and the SEMYOME — Semiahmoo First Nations: the stewards of this land since time immemorial.

 @Surrey_Schools

 SurreySchools

 surrey_schools

pagtitipon ang idinaos kasama ang mga estudyante mula sa mga paaralang sekondarya, elementarya at learning center. Ang mahahalagang pananaw mula sa aming mga estudyante ay sumasaklaw sa mga pangunahing lugar - ang patuloy na gawain ng distrito sa pagkakaparepareho, gawing normal ang mga talakayan sa kalusugan ng isip at pagbibigay-prioridad sa ligtas at mapagpabilang na mga kapaligiran sa pag-aaral. Ang aming mga estudyante ay mahusay na tagapagtaguyod at may malinaw na pananaw at mga inaasahan sa kung ano ang gusto nilang makita sa aming mga paaralan. Ang impormasyong ito ay direktang ibinahagi sa Board of Education at Senior Staff sa kanilang Student Voice/Board of Education pulong ng pag-uugnyay.

Ang 2024/25 na pasukan ay maghahatid ng higit pang pagbabago para sa lahat habang sinusuri namin ang mga diskarte upang lumikha ng pinakamahusay na mga posibleng kondisyon para sa pag-aaral at paglago ng estudyante. Kabilang dito ang malikhaing paggamit ng ating mga espasyo sa paaralan at mga pagbabago sa pagsasanay sa kung paano tayo naghahatid ng mga pagkakataon sa propesyonal na pag-unlad at "sarado" na mga hangganan ng paaralan. Sa ating pagsulong, tatanggapin natin ang mga pinahabang iskedyul ng araw sa anim sa ating mga sekondaryang paaralan, ang muling paglalagay ng mga bagong gawang silid-aralan sa mga elementarya at muling pagtatalaga ng ilang hindi naka-kontrata hindi nag-eeenrol na mga kawani sa mga nag-eeenrol na posisyon sa silid-aralan upang matugunan ang kakulangan ng guro. Ang komunidad ng Surrey Schools ay patuloy na makakaranas ng mabilis na paglago para sa 2024/25 at higit pa, ngunit tiwala ako na babangon tayo sa hamon. Ang mga kawani ng Surrey Schools ay nagsusumikap na bumuo ng pangmatagalan, nakasentro sa estudyante at napapanatiling mga estratehiya upang pamahalaan ang paglago na ito. Ang listahan ng distrito ng mga inirerekomendang diskarte sa pagpapagaan bilang bahagi ng aming Long-Range Facilities plan ay matatagpuan dito.

Nais kong batiin kayong lahat ng magandang tag-araw. Inaasahan ko ang 2024/2025 pasukan, habang pinamamahalaan natin ang inaasahang paglago ng ating mga komunidad nang may pagkamalikhain, liksi at inobasyon habang tinitiyak na ang aming mga estudyante ay makakatanggap ng pambihirang karanasan sa pag-aaral.

Lubos na sumasainyo,

Mark Pearmain
Superintendent/CEO